# Learning Activity Sheets (LAS)
Filipino 8

**Pangalan:**_______________________________________________

**Petsa:**__________________________ **Iskor:** ____________________

## Pamagat: Paghihinuha at Paghahambing ng Teksto

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang teksto na nasa ibaba at isagawa ang susunod na mga gawain.

**Diskarteng Pinoy**
ni Maru Panganiban

Lahat tayo ay nasa bagong sistema ng kasalukuyang takbo ng pamumuhay. Nasa panahon tayo na kung tawagin ay bagong kadawyan o *new normal*. Sa karamihan ito ay bangungot ngunit sa ilan ay may biyaya ring idinulot. Marami sa ating mga kababayan ang nawalan ng trabaho at ang ilan ay nagkaroon ng pagkakataon na makasama ang pamilya dahil sila ay naka-*work from home*. At ang iba ay humanap ng bagong paraan para magpatuloy sa hamon ng buhay.

Ang pagiging madiskarte ay likas sa ating mga Pilipino. Dahil sa pagiging malikhain ay nakabubuo tayo ng iba't ibang paraan kung paano natin mairaraos ang ating pang-araw-araw na pamumuhay. Dahil dito ay umusbong at yumabong ang *online selling* at ang pinakapatok na *live selling* sa mga kilalang *social media platforms*. Idagdag pa rito ang paparaming bilang ng *small Youtubers* na pawang kumikita kahit papaano sa kanilang mga bidyo. Ito ay nagbukas ng opurtunidad sa karamihan upang ilabas ang mga natatagong talento at kakayahan pagdating sa pangkabuhayan.

Iba-iba man ang danas ng bawat isa, sa huli ay nananatili pa rin tayong nakatindig at nagpapatuloy sa agos ng buhay. Anomang oportunidad ang dumating ay kailangang palaguin. Ang pagtitiwala sa sariling kakayahan at pananalig sa Maykapal ay magdudulot sa atin ng kaginhawaan.

A. Sagutin ang sumusunod na mga tanong. Isulat sa isang hiwalay na papel ang iyong mga sagot.
1. Ano ang paksa ng tekstong iyong binasa?
2. Paano nabago ng pandemya ang pamumuhay nating mga Pilipino?
3. Sa iyong palagay, ano ang layon ng manunulat sa teksto na iyong binasa?
4. Sa kabila ng krisis na kinahaharap ng ating bansa, ano ang naging instrumento ng mga Pinoy upang magpatuloy sa hamon ng buhay?
5. Bilang isang Pinoy, anong diskarte ang mayroon ka at ang iyong pamilya na maipagmamalaki mo sa iba?

---

**Quarter no.: 3 Week no.: 1**

**Target Competency:**

- Naihahambing ang tekstong binasa sa iba pang teksto batay sa: paksa, layon, tono, pananaw, paraan ng pagkakasulat, pagbuo ng salita, pagbuo ng talata, at pagbuo ng pangungusap
- Nahihinuha ang paksa, layon at tono ng akdang nabasa


**Note to the Teacher:** Gawan ng angkop na rubrik ang mga gawain.

*(This is a Government Property. Not For Sale.)*

B. Isaayos ang sumusunod na salita upang matukoy kung ano ang isinasaad sa bawat bilang.

(A P A K S) 1. Ito ang sentro o pangunahing tema at pokus sa pagpapalawak ng ideya.
(N O Y A L) 2. Ito ang nais ipabatid ng manunulat sa mga mambabasa.
(O N O T) 3. Ito ang saloobin ng awtor sa paksang tinalakay.
(M I N A D A M D) 4. Ito ang resulta ng saloobin ng mambabasa sa binasang teksto.
(N A P A W A N) 5. Ito ay tumutukoy sa punto de vista ng manunulat sa teksto.

C. Ano-anong mga bagay ang nakikita mo sa binasa na maaaring iugnay sa iyong sariling karanasan. Gamitin ang *graphic organizer.*





**Quarter no.: 3 Week no.: 1**
**Target Competency:**

- Naihahambing ang tekstong binasa sa iba pang teksto batay sa: paksa, layon, tono, pananaw, paraan ng pagkakasulat, pagbuo ng salita, pagbuo ng talata, at pagbuo ng pangungusap.
- Nahihinuha ang paksa, layon at tono ng akdang nabasa.

**Note to the Teacher:** Gawan ng angkop na rubrik ang mga gawain.

*(This is a Government Property. Not For Sale.)*

D. Ibigay ang iyong hinuha sa binasa batay sa paksa, layunin at tono nito.




E. Gamit ang *graphic organizer* sa ibaba, ihambing ang binasang teksto sa iba pang teksto batay sa paksa, layon, tono, pananaw, paraan ng pagsulat/uri ng teksto, pagbuo ng salita, pagbuo ng pangungusap at pagbuo ng talata. Sundan ang pormat sa ibaba. Isulat sa hiwalay na papel ang iyong mga sagot.

| **Paghambingin:** | Paksa | Layon | Tono | Pananaw | Uri ng Teksto/ Paraan ng Pagsulat | Pagbuo ng salita at Pangungusap | Pagbuo ng Talata |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Diskarteng Pinoy | | | | | | | |
| Iba pang Teskto | | | | | | | |

**Quarter no.: 3** **Week no.:__1**
**Target Competency:**

- Naihahambing ang tekstong binasa sa iba pang teksto batay sa: paksa, layon, tono, pananaw, paraan ng pagkakasulat, pagbuo ng salita, pagbuo ng talata, at pagbuo ng pangungusap.
- Nahihinuha ang paksa, layon at tono ng akdang nabasa.

**Note to the Teacher:** Gawan ng angkop na rubrik ang mga gawain.

*(This is a Government Property. Not For Sale.)*